ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# SIKAP: SULAT AT INTEGRASYON NG KULTURANG LOKAL SA ANTAS NG PAGBASA TUNGO SA PAGLINANG NG KASANAYAN AT PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

**Korinna Salayo Artuz**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Sinuri ng pag-aaral na ito ang SIKAP: Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa Antas ng Pagbasa Tungo sa Paglinang ng Kasanayan at Pagganap ng mga Mag-aaral. Nilayon ng pag-aaral na matukoy ang antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal batay sa bahagi ayon sa layunin, nilalaman, gabay na tanong, gawain, at paglalapat. Tinukoy rin ng pag-aaral ang antas nito batay sa katangian ayon sa presentasyon ng aralin, kaangkupan ng mga aralin, disenyo, kalinawan, at teknikal na porma. Sinuri ang antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa batay sa pag-unawang literal, inferensyal, kritikal, pagpapahalaga sa binasa, at kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon. Inalam din ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pasulat at oral na pagsusulit. Siniyasat din kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa pasulat at oral na pagsusulit. Tinukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa paglinang ng kasanayan sa pagganap ng mga mag-aaral. At sa huli, sinuri kung may makabuluhang epekto ang Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa pagganap ng mga mag-aaral.*

*Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo. Ang mga tagatugon ay animnapung (60) piling mag-aaral mula sa Sampaloc National High School, Sampaloc, Quezon. Gumamit ang mananaliksikng self-made questionnaire bilang pangunahing instrument sa pangangalap ng datos. Bukod dito, ginamit ang weighted mean, standard deviation, paired t-test, at*

*Natuklasan na ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa bahagi at katangian ng aralin ay Lubhang Mabisa. Ang antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa ay Lubhang Mabisa rin sa lahat ng dimensyon. Ang pagganap ng mga mag-aaral sa pasulat at oral na pagsusulit ay Napakahusay, at may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang anyo ng pagtataya. Ipinakita ng pag-aaral na may makabuluhang kaugnayan ang integrasyon ng kulturang lokal sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa, subalit walang makabuluhang epekto sa kabuuang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.*

*May makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang anyo ng pagtataya at may makabuluhang kaugnayan ang integrasyon ng kulturang lokal sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa, kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap, samantala wala makabuluhang epekto sa kabuuang akademikong pagganap ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypoteses ay tinanggap. Bilang konklusyon, ipinakita ng pag-aaral na bagama't mahalaga ang kulturang lokal sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa at may epekto sa uri ng pagtataya, hindi nito tuwirang naaapektuhan ang pangkalahatang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.*

*Inirerekomenda ang pagpapatuloy ng SIKAP bilang suportang estratehiya sa pagbasa, higit na pagtuon sa mga gawaing oral at paglalapat, at pagsasagawa ng karagdagang pananaliksik upang masuri ang pangmatagalang epekto nito.*

**SUSING SALITA:** *Sulat, Integrasyon, Kulturang Lokal, Pagbasa, Kasanayan*

## 1. PANIMULA

Ang pagbasa ay isang pundamental na kasanayan na nagsisilbing saligan ng lahat ng pagkatuto. Ang pagbasa ay isang komplikadong proseso na binubuo ng iba't ibang elemento tulad ng decoding, bokabularyo, at pag-unawa. Para sa mga mag-aaral na nahuhuli sa kasanayang ito, mas kinakailangan ang masinsinang interbensyon, konkretong estratehiya, at makabuluhang konteksto upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa at paglinang ng kasanayan.

Dahil dito, mahalagang tutukan ang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at angkop na interbensyon upang matulungan ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kasanayan at mapalawak ang paglinang ng kasanayan. Ang mga programang nakatuon sa pagpapalawak ng bokabularyo, pag-unawa sa teksto, at pagsasanay sa kritikal na pag-iisip ay napatunayang epektibo sa pagpapataas ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng sistematikong pagtuturo at suportang pang-akademiko, mas mapapalalim ang kanilang pag-unawa, mapapalakas ang kanilang kasanayan, at higit nilang makakamit ang de-kalidad na edukasyon.

Ang kulturang lokal ay tumutukoy sa kabuuan ng mga tradisyon, paniniwala, kaugalian, wika, sining, at paraan ng pamumuhay ng isang komunidad na naglalarawan ng kanilang pagkakakilanlan. Ayon kay Moran (2018), ang kulturang lokal sa pagkatuto ay nagsisilbing mahalagang tulay upang mapalapit ang karanasan ng mga mag-aaral sa mga konseptong akademiko, kaya't nagiging mas malalim ang pag-unawa at mas makabuluhan ang pagkatuto. Ang antas ng pagbasa ay tumutukoy sa lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binabasa, mula literal hanggang kritikal na antas.

Samantala, ang paglinang ng kasanayan ay tumutukoy sa sistematikong pagpapaunlad ng kakayahan sa pag-unawa, pagsusuri, at paggamit ng kaalaman. Ayon kay Afflerbach (2018), ang kasanayan sa pagbasa ay nahuhubog sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagsasanay sa pag-unawa, pag-iisip nang kritikal, at pagbibigay-kahulugan sa teksto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Kaugnay nito, layunin ng pag-aaral na SIKAP na gamitin ang Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal upang gawing mas makabuluhan ang mga materyales sa pagbasa. Sa pamamagitan ng pagsasama ng lokal na kultura sa mga teksto, inaasahang magkakaroon ng mas mataas na interes, pag-unawa, at partisipasyon ang mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, hindi lamang napauunlad ang kasanayan sa pagbasa kundi nahuhubog din ang kanilang pagkakakilanlan bilang bahagi ng kanilang komunidad at bansa.

*1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa Antas ng Pagbasa Tungo sa Paglinang ng Kasanayan at Paganap ng mga Mag-aaral.

Bilang bahagi ng pag-aaral ninanais ng mananaliksik na matamo ang mga sumusunod na layunin:

1. Ano ang antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal batay sa bahagi ayon sa:
   1.1. Layunin;
   1.2. Nilalaman
   1.3. Gabay na tanong;
   1.4. Gawain; at
   1.5. Paglalapat?
2. Ano ang antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal batay sa katangian ayon sa:
   2.1 Presentasyon ng aralin;
   2.2 Kaangkupan ng mga aralin;
   2.3 Disenyo;
   2.4 Kalinawan; at
   2.5 Teknikal na porma?
3. Ano ang antas ng Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa batay sa:
   3.1 Pag-unawang literal;
   3.2 Pag-unawang inferensyal;
   3.3 Pag-unawang kritikal;
   3.4 Pagpapahalaga sa binasa; at
   3.5 Kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon batay sa binasa?
4. Ano ang antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa:
   4.1 Pasulat na pagsusulit; at
   4.2 Oral pagsusulit?
5. May makabuluhang pagkakaiba ba ang Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasulat na Pagsusulit at Oral na Pagsusulit?
6. May makabuluhang kaugnayan ba ang Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral?
7. May makabuluhang epekto ba ang Sulat Integrasyon ng Kulturang Lokal sa Pagganap ng mga Mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo. Ang mga tagatugon ay animnapung (60) piling mag-aaral mula sa Sampaloc National High School, Sampaloc, Quezon. Gumamit ang mananaliksikng self-made questionnaire bilang pangunahing instrument sa pangangalap ng datos. Bukod dito, ginamit ang weighted mean, standard deviation, at paired t-test.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay tumatalakay ng iba't ibang resulta at ginamit ang mga nakalap na datos para talakayin ang mga kinalabasan ng pag-aaral. Lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng Pahayag ng Suliranin ay sinagot sa kabanatang ito na sinusuportahan ng mga talahanayan. Inilalahad nito ang mga datos na nakalap tungkol sa makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pasulat na Pagsusulit at Oral na Pagsusulit, makabuluhang kaugnayan sa Sulat at Integrasyon ng Kulturang-Lokal sa Paglinang ng Kasanayan sa pagganap ng mga mag-aara at makabuluhang epekto sa pagitan ng Sulat Integrasyon ng Kulturang Lokal sa Pagganap ng mga Mag-aaral.

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:

**Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang-Lokal Batay sa Bahagi**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa bahagi ay tumutukoy sa Layunin, Nilalaman**,** Gabay na tanong**,** Gawain, at Paglalapat.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa bahagi. *Nabibigyang-halaga ng mga layunin ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral* na may (*M* = 4.77) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa bahagi sa mga tuntunin ng Layunin at sinusuportahan ng (*SD* = 0.50).

**Talahanayan 1.**
***Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Bahagi Ayon sa Layunin***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiuugnay ang layunin sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa.* | 4.73 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-tuon ng layunin ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kulturang-lokal.* | 4.73 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-halaga ng mga layunin ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.* | 4.77 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang nilalaman at gawain sa mga layunin.* | 4.56 | 0.79 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalilinang ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa layunin.* | 4.57 | 0.87 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.67 | | |
| *SD* | 0.63 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Gayundin, *naiuugnay ang layunin sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at nabibigyang-tuon ng layunin ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kulturang lokal* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.56) na may (*SD* = 0.79), ipinapapakita pa rin nito na *naiuugnay ang nilalaman at gawain sa mga layunin*.

Ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa bahagi ayon sa Layunin ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.67 at *standard deviation* na 0.63 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa*.

Sa kabuoan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa bahagi ayon sa Layunin, na nagpapahiwatig na malinaw at epektibong naipapaloob ang mga layuning pampagkatuto sa nilalaman at gawain. Pinatutunayan nito na ang malinaw na layunin ay nagsisilbing gabay sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at sa pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kulturang lokal, gayundin sa pagkakaugnay-ugnay ng mga gawain tungo sa makabuluhang pagkatuto. Ang mataas na weighted mean at mababang antas ng paglihis ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatibay sa pagiging lubhang mabisa ng mga layunin bilang pundasyon ng integrasyong kultural sa sulat.

**Talahanayan 2.**
***Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Bahagi Ayon sa Nilalaman***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiuugnay ang kulturang-lokal sa paksang tinalakay.* | 4.55 | 0.83 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-linaw ang mga ideya sa nilalaman na may lohikal na pagkakasunod-sunod.* | 4.52 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop sa antas ng mga mag-aaral ang mga halimbawa at sanggunian.* | 4.55 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalilinang ang pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa makabuluhang aral ng nilalaman.* | 4.68 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang paggalang ng mga materyal sa mga lokal na tradisyon at pagpapahalaga.* | 4.68 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.60 | | |
| *SD* | 0.66 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa bahagi. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nalilinang ang pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa makabuluhang aral ng nilalaman at naipakikita ang paggalang ng mga materyal sa mga lokal na tradisyon at pagpapahalaga* na may (*M* = 4.68) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa bahagi sa mga tuntunin ng Nilalaman at sinusuportahan ng (*SD* = 0.68). Gayundin, *naiuugnay ang kulturang lokal sa paksang tinalakay at naiaangkop sa antas ng mga mag-aaral ang mga halimbawa at sanggunian* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.52) na may (*SD* = 0.70), ipinapapakita pa rin nito na *nabibigyang-linaw ang mga ideya sa nilalaman na may lohikal na pagkakasunod-sunod*.

Ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa bahagi ayon sa Nilalaman ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.60 at *standard deviation* na 0.66 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang nilalaman ay mabisang nakapagpapayaman ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin habang malinaw na naiuugnay ang kulturang lokal sa paksang tinatalakay. Ipinakikita rin nito na ang paggamit ng angkop na halimbawa at sanggunian mula sa lokal na konteksto ay nakatutulong sa mas malinaw na pagpapaliwanag ng mga ideya at sa lohikal na pagdaloy ng nilalaman. Ang mataas na weighted mean at katamtamang antas ng standard deviation ay nagpapatunay ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapalakas sa kongklusyon na ang integrasyon ng kulturang-lokal sa nilalaman ay lubhang mabisa at makabuluhan sa proseso ng pagkatuto.

**Talahanayan 3.**
***Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Bahagi Ayon sa Gabay na Tanong***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakahihikayat ang mga tanong sa malalim na pag-iisip ng mga mambabasa.* | 4.62 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa pag-unawa ng kabuoang aralin ang mga tanong.* | 4.70 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaayon sa layunin ng aralin ang mga tanong.* | 4.73 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpakikilala ng kulturang-lokal ang mga tanong.* | 4.52 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa pagbuo ng kritikal na pananaw ang mga tanong.* | 4.72 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.66 | | |
| *SD* | 0.63 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa bahagi. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nakaayon sa layunin ng aralin ang mga tanong* na may (*M* = 4.73) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa bahagi sa mga tuntunin ng Gabay na tanong at sinusuportahan ng (*SD* = 0.52). Gayundin, *nakatutulong sa pagbuo ng kritikal na pananaw ang mga tanong* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.52) na may (*SD* = 0.77), ipinapapakita pa rin nito na *nagpakikilala ng kulturang lokal ang mga tanong***.**

Ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa bahagi ayon sa Gabay na tanong ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.65 at *standard deviation* na 0.63 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinakikita ng mga natuklasan na ang mga gabay na tanong ay epektibong nakahanay sa mga layunin ng aralin at nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa paglinang ng kritikal na pananaw ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig din nito na sa pamamagitan ng maingat na pagbuo ng mga tanong, naipapakilala at naiuugnay ang kulturang lokal sa talakayan, na nagiging daan upang maging mas makabuluhan at kontekstuwalisado ang pagkatuto. Ang mataas na weighted mean at katamtamang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay sa pagiging lubhang mabisa ng gabay na tanong bilang bahagi ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal.

**Talahanayan 4.**
***Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Bahagi Ayon sa Gawain***

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Napalalawak ng mga gawain ang pag-unawa sa kulturang-lokal.* | 4.72 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay-daan sa malikhaing pagpapahayag ang mga gawain.* | 4.70 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang karanasan ng mga mag-aaral sa mga gawain.* | 4.60 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaakit ng partisipasyon sa mga mag-aaral ang mga gawain.* | 4.58 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang kasanayan sa pagbasa at nakabubuo ng sulatin sa pamamagitan ng mga gawain.* | 4.77 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.67 | | |
| *SD* | 0.59 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa bahagi. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nasusuri ang kasanayan sa pagbasa at nakabubuo ng sulatin sa pamamagitan ng mga gawain* na may (*M* = 4.77) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa bahagi sa mga tuntunin ng Gawain at sinusuportahan ng (*SD* = 0.59). Gayundin, *napalalawak ng mga gawain ang pag-unawa sa kulturang lokal* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.) na may (*SD* = 0.), ipinapapakita pa rin nito na *nakaaakit ng partisipasyon sa mga mag-aaral ang mga gawain***.**

Ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa bahagi ayon sa Gawain ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.67 at *standard deviation* na 0.59 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinakikita ng mga resulta na ang mga gawain ay mabisang nakapagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral habang sabay na napalalalim ang kanilang pag-unawa sa kulturang-lokal. Ipinahihiwatig nito na ang maayos na idinisenyong gawain ay hindi lamang nakatuon sa akademikong kasanayan kundi nagsisilbi ring daluyan ng aktibong partisipasyon at pagpapahalaga sa lokal na kultura. Ang mataas na weighted mean at mababang antas ng paglihis ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang mga gawain bilang bahagi ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal ay lubhang mabisa at makabuluhan sa proseso ng pagkatuto.

**Talahanayan 5.**
***Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Bahagi Ayon sa Paglalapat***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nagagamit sa aktuwal na karanasan ang mga gawain sa paglalapat.* | 4.72 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ng paglalapat ang koneksyon ng aralin sa pang-araw-araw na buhay.* | 4.60 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa pagpapatibay ng mga konseptong natutuhan ang paglalapat.* | 4.55 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalalim ang pagpapahalaga sa lokal na kultura sa pamamagitan ng paglalapat.* | 4.68 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang pagkamalikhain sa paggamit ng aralin batay sa paglalapat.* | 4.83 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.68 | | |
| *SD* | 0.65 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa bahagi. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naipakikita ang pagkamalikhain sa paggamit ng aralin batay sa paglalapat* na may (*M* = 4.83) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng sulat at integrasyon ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

kulturang-lokal batay sa bahagi sa mga tuntunin ng Paglalapat at sinusuportahan ng (*SD* = 0.50). Gayundin, *nagagamit sa aktuwal na karanasan ang mga gawain sa paglalapat* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.55) na may (*SD* = 0.72), ipinapapakita pa rin nito na *nakatutulong sa pagpapatibay ng mga konseptong natutuhan ang paglalapat***.**

Ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa bahagi ayon sa Paglalapat ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.68 at *standard deviation* na 0.65 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang paglalapat ay epektibong nakapagpapalalim ng pagkatuto sa pamamagitan ng malikhaing paggamit ng mga aralin sa aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Ipinakikita rin nito na ang mga gawaing nakatuon sa paglalapat ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng teorya at praktika, na nagpapalakas sa pag-unawa at pagpapatibay ng mga konseptong natutuhan habang pinahahalagahan ang kulturang-lokal. Ang mataas na weighted mean at katamtamang antas ng standard deviation ay nagpapatunay ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapakita na ang paglalapat bilang bahagi ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal ay lubhang mabisa at makabuluhan sa proseso ng pagkatuto.

**Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Katangian**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian ay tumutukoy sa Presentasyon ng aralin, Kaangkupan ng mga aralin**,** Disenyo**,** Kalinawan, at Teknikal na porma. Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation,* mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

**Talahanayan 6.**
***Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Katangian Ayon sa Presentasyon ng Aralin***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakaayos ng lohikal at madaling sundan ang aralin.* | 4.68 | 0.79 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalahad nang malinaw ang layunin at direksyon ng bawat aralin.* | 4.65 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaakit sa interes ng mga mag-aaral ang presentasyon ng aralin.* | 4.78 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa mas malalim na pag-unlad sa paksa ang bawat bahagi ng aralin.* | 4.67 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapalakas ng interes sa pagbabasa ang presentasyon ng aralin.* | 4.67 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.69 | | |
| *SD* | 0.64 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nakaaakit sa interes ng mga mag-aaral ang presentasyon ng aralin* na may (*M* = 4.78) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian sa mga tuntunin ng Presentasyon ng aralin at sinusuportahan ng (*SD* = 0.56). Gayundin, *nakaayos ng lohikal at madaling sundan ang aralin* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.65) na may (*SD* = 0.61), ipinapapakita pa rin nito na *nailalahad nang malinaw ang layunin at direksyon ng bawat aralin***.**

Ang antas batay sa katangian ayon sa Presentasyon ng aralin ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.69 at *standard deviation* na 0.64 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinakikita ng mga resulta na ang presentasyon ng aralin ay mabisang nakapagpapukaw ng interes ng mga mag-aaral at malinaw na nakapagbibigay ng direksyon sa daloy ng pagkatuto. Ipinahihiwatig nito na ang lohikal na pagkakaayos at malinaw na paglalahad ng mga layunin ay nakatutulong upang maging mas madaling sundan at unawain ang mga aralin, habang epektibong naipapaloob ang kulturang lokal. Ang mataas na weighted mean at mababang antas ng standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang presentasyon ng aralin bilang katangian ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal ay lubhang mabisa at makabuluhan sa proseso ng pagkatuto.

Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

**Talahanayan 7.**
***Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Katangian Ayon sa Kaangkupan ng mga Aralin***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiaangkop sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral ang mga aralin.* | 4.78 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutugon sa pangangailangang kultural ng mag-aaral ang mga aralin.* | 4.68 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaayon sa kasalukuyang pamantayan sa kurikulum ng Filipino ang mga aralin.* | 4.75 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa paghubog ng pagkakakilanlan ng kultural ang mga aralin.* | 4.73 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad ang kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng mga aralin.* | 4.67 | 0.84 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.73 | | |
| *SD* | 0.61 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

*Naiaangkop sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral ang mga aralin* na may (*M* = 4.78) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa katangian sa mga tuntunin ng Kaangkupan ng mga aralin at sinusuportahan ng (*SD* = 0.52). Gayundin, *nakaaayon sa kasalukuyang pamantayan sa kurikulum ng Filipino ang mga aralin* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.67) na may (*SD* = 0.84), ipinapapakita pa rin nito na *Napauunlad ang kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng mga aralin***.**

Ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa katangian ayon sa Kaangkupan ng mga aralin ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.73 at *standard deviation* na 0.61 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga aralin ay angkop sa antas ng kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral, at malinaw na nakaayon sa mga pamantayan ng kurikulum sa Filipino. Ipinakikita rin nito na ang wastong pag-aangkop ng mga aralin ay nakatutulong sa patuloy na paglinang ng kasanayan sa pagbasa, habang isinasaalang-alang ang konteksto at kulturang-lokal. Ang mataas na weighted mean at katamtamang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang kaangkupan ng mga aralin bilang katangian ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal ay lubhang mabisa at makabuluhan sa proseso ng pagkatuto.

**Talahanayan 8.**
***Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Katangian Ayon sa Disenyo***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakapupukaw-pansin ang disenyo ng aralin.* | 4.73 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang balanseng disenyo sa teksto at larawan.* | 4.62 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa pag-unawa ang paggamit ng kulay, font at ayos nito.* | 4.65 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ng disenyo ang pagkakakilanlan ng kulturang-lokal.* | 4.73 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaakit ang kabuoang disenyo sa mata ng mambabasa.* | 4.78 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.70 | | |
| *SD* | 0.55 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nakaaakit ang kabuoang disenyo sa mata ng mambabasa* na may (*M* = 4.78) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian sa mga tuntunin ng Disenyo at sinusuportahan ng (*SD* = 0.49). Gayundin, *nakapupukaw-pansin ang disenyo ng aralin at naipakikita ng disenyo ang pagkakakilanlan ng kulturang-lokal* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.62) na may (*SD* = 0.61), ipinapapakita pa rin nito na *naipakikita ang balanseng disenyo sa teksto at larawan***.**

Ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian ayon sa Disenyo ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.70 at *standard deviation* na 0.55 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinakikita ng mga resulta na ang disenyo ng aralin ay mabisang nakaaakit ng atensyon ng mga mag-aaral at nagpapahayag ng malinaw na pagkakakilanlan ng kulturang-lokal. Ipinahihiwatig nito na ang maayos at balanseng paggamit ng teksto at larawan ay nakatutulong sa mas madaling pag-unawa at mas mataas na interes sa aralin. Ang mataas na weighted mean at mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang disenyo bilang katangian ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal ay lubhang mabisa at makabuluhan sa proseso ng pagkatuto.

**Talahanayan 9.**
***Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Katangian Ayon sa Kalinawan***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nabibigyang-linaw ang mga impormasyon sa pamamagitan ng mga aralin.* | 4.82 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauunawaan ang kabuoang mensahe ng aralin batay sa maayos na pagkakahanay ng mga ideya.* | 4.65 | 0.76 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang pag-unawa sa pamamagitan ng pagsunod sa malinaw na tagubilin ng aralin.* | 4.57 | 0.79 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang mga bahagi ng aralin na nangangailangan ng paglilinaw.* | 4.78 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri at nakapagbibigay ng mungkahing paraan upang higit pang malinaw ang presentasyon ng impormasyon.* | 4.72 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.71 | | |
| *SD* | 0.63 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 9 ay nagpapakita ng antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nabibigyang-linaw ang mga impormasyon sa pamamagitan ng mga aralin* na may (*M* = 4.82) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian sa mga tuntunin ng Kalinawan at sinusuportahan ng (*SD* = 0.62). Gayundin, *nasusuri ang mga bahagi ng aralin na nangangailangan ng paglilinaw* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.57) na may (*SD* = 0.79), ipinapapakita pa rin nito na *naipakikita ang pag-unawa sa pamamagitan ng pagsunod sa malinaw na tagubilin ng aralin***.**

Ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa katangian ayon sa Kalinawan ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.71 at *standard deviation* na 0.63 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga aralin ay malinaw at maayos na naipapahayag ang mga impormasyon, na nagiging gabay sa mga mag-aaral sa mas epektibong pag-unawa at pagsunod sa tagubilin. Ipinakikita rin nito na ang malinaw na paglalahad ay nakatutulong sa pagsusuri ng mga bahagi ng aralin na nangangailangan ng karagdagang paliwanag, habang naipaloloob pa rin ang kulturang lokal sa bawat bahagi. Ang mataas na weighted mean at katamtamang antas ng standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang kalinawan bilang katangian ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal ay lubhang mabisa at makabuluhan sa proseso ng pagkatuto.

**Talahanayan 10.**
***Antas ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal Batay sa Katangian Ayon sa Teknikal na Porma***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiisa-isa ang wastong pagkakasunod-sunod at teknikal na pormat ng aralin.* | 4.75 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauunawaan ang kahalagahan ng pagsunod sa tamang pormat sa pag-unawa ng kabuoang nilalaman.* | 4.68 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipatutupad ang tamang teknikal na pormat kapag gumagawa ng sariling output o pagsulat.* | 4.83 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy kung ang ginamit na pormat ay tumutulong sa pag-unawa ng aralin.* | 4.75 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng matalinong puna o mungkahi upang mapahusay ang teknikal na pormat ng babasahin.* | 4.85 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.77 | | |
| *SD* | 0.52 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 10 ay nagpapakita ng antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nakapagbibigay ng matalinong puna o mungkahi upang mapahusay ang teknikal na pormat ng babasahin* na may (*M* = 4.85) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal batay sa katangian sa mga tuntunin ng Teknikal na porma at sinusuportahan ng (*SD* = 0.40). Gayundin, *naipatutupad ang tamang teknikal na pormat kapag gumagawa ng sariling output o pagsulat* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.68) na may (*SD* = 0.62), ipinapapakita pa rin nito na *nauunawaan ang kahalagahan ng pagsunod sa tamang pormat sa pag-unawa ng kabuoang nilalaman***.**

Ang antas ng sulat at integrasyon ng kulturang lokal batay sa katangian ayon sa Teknikal na porma ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.77 at *standard deviation* na 0.52 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinakikita ng mga resulta na ang teknikal na pormat ng aralin ay mabisang naipapaliwanag at naipatutupad, na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makapagbigay ng matalinong puna at malikhaing output. Ipinahihiwatig nito na ang wastong pagsunod sa teknikal na pormat ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa sa kabuoang nilalaman at sa pagpapahalaga sa detalye ng pagsusulat, habang naipapaloob pa rin ang kulturang-lokal. Ang mataas na weighted mean at mababang antas ng standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang teknikal na pormat bilang katangian ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal ay lubhang mabisa at makabuluhan sa proseso ng pagkatuto.

**Antas ng Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa ay tumutukoy sa Pag-unawang literal, Pag-unawang inferensyal**,** Pag-unawang kritikal**,** Pagpapahalaga sa binasa, at Kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation,* mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 11.**
***Antas ng Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa Ayon sa Pag-unawang Literal***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ang pangunahing detalye ng binasang teksto.* | 4.72 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang tauhan, tagpuan at pangyayari sa kuwento.* | 4.77 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-tuon ang mga ideya o pangyayaring tuwirang binanggit sa teksto.* | 4.70 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang sagot sa tanong na sino, ano, saan, at kailan batay sa binasa.* | 4.73 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibibigay ang literal na kahulugan ng binasang aralin.* | 4.80 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.74 | | |
| *SD* | 0.47 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 11 ay nagpapakita ng antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naibibigay ang literal na kahulugan ng binasang aralin* na may ($M$ = 4.80) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa mga tuntunin ng Pag-unawang literal at sinusuportahan ng ($SD$ = 0.40). Gayundin, *nakikilala ang tauhan, tagpuan at pangyayari sa kuwento* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M$ = 4.72) na may ($SD$ = 0.58), ipinapapakita pa rin nito na *nauunawaan ang pangunahing detalye ng binasang teksto***.**

Ang antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa ayon sa Pag-unawang literal ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.74 at *standard deviation* na 0.47 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa antas ng literal na pag-unawa ay mataas at epektibo. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang maunawaan at matukoy ang pangunahing detalye ng binasang teksto, kabilang ang tauhan, tagpuan, at pangyayari, na nagiging batayan sa mas malalim na pag-unawa sa kabuuang mensahe ng aralin. Ang mataas na weighted mean at mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang pag-unawang literal ay lubhang mabisa sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 12.**
***Antas ng Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa Ayon sa Pag-unawang Inferensyal***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakabubuo ng hinuha batay sa mga pahiwatig ng binasang teksto.* | 4.82 | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-halaga ang damdamin o saloobin ng tauhan kahit hindi ito direktang sinabi.* | 4.75 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang maaaring sumunod na pangyayari batay sa binasa.* | 4.92 | 0.28 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga pahiwatig sa sariling karanasan.* | 4.77 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang damdamin o motibo ng tauhan.* | 4.75 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.80 | | |
| *SD* | 0.41 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 12 ay nagpapakita ng antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Natutukoy ang maaaring sumunod na pangyayari batay sa binasa* na may ($M$ = 4.92) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa mga tuntunin ng Pag-unawang inferensyal at sinusuportahan ng ($SD$ = 0.28). Gayundin, *nakabubuo ng hinuha batay sa mga pahiwatig ng binasang teksto* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M$ = 4.75) na may ($SD$ = 0.51), ipinapapakita pa rin nito na *Nakikilala ang damdamin o motibo ng tauhan***.**

Ang antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa ayon sa Pag-unawang inferensyal ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.80 at *standard deviation* na 0.41 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa antas ng pag-unawang inferensyal ay napakataas at lubhang epektibo. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang makabuo ng hinuha at matukoy ang maaaring sumunod na pangyayari, pati na rin ang damdamin at motibo ng mga tauhan, batay sa mga pahiwatig ng binasang teksto. Ang mataas na weighted mean at mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang pag-unawang inferensyal ay lubhang mabisa sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip at mas malalim na pag-unawa sa binasang aralin.

Talahanayan 13 ay nagpapakita ng antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nasusuri kung makatotohanan o hindi ang mga impormasyong nakasaad sa binasa* na may ($M$ = 4.92) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa mga tuntunin ng Pag-unawang kritikal at sinusuportahan ng ($SD$ = 0.33). Gayundin, *naihahambing*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

*ang nilalaman ng binasa sa iba pang tekstong nabasa* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.65) na may (*SD* = 0.66), ipinapapakita pa rin nito na *natutukoy ang pagkiling o pananaw ng may-akda sa binasa*.

**Talahanayan 13.**

***Antas ng Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa Ayon sa Pag-unawang Kritikal***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nasusuri kung makatotohanan o hindi ang mga impormasyong nakasaad sa binasa.* | 4.92 | 0.33 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaanalisa ang layunin ng may-akda.* | 4.72 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang pagkiling o pananaw ng may-akda sa binasa.* | 4.65 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihahambing ang nilalaman ng binasa sa iba pang tekstong nabasa.* | 4.77 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng konklusyon gamit ang ebidensyang mula sa binasa.* | 4.73 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.76 | | |
| *SD* | 0.53 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa ayon sa Pag-unawang kritikal ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.76 at *standard deviation* na 0.53 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa antas ng pag-unawang kritikal ay mataas at epektibo. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang suriin ang katotohanan ng impormasyon, ihambing ang nilalaman sa iba pang tekstong nabasa, at matukoy ang pagkiling o pananaw ng may-akda. Ang mataas na weighted mean at katamtamang mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang pag-unawang kritikal ay lubhang mabisa sa pagpapalawak ng mas malalim at masusing pag-unawa sa binasang aralin.

Talahanayan 14 ay nagpapakita ng antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

*Napahahalagahan ang pagkakakilanlan ng binasa sa pamamagitan ng mga tauhan o pangyayari* na may (*M* = 4.83) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa mga tuntunin ng Pagpapahalaga sa binasa at sinusuportahan ng (*SD* = 0.48). Gayundin, *naipakikilala ang positibong tugon sa nilalaman ng binasa* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.67) na may (*SD* = 0.46), ipinapapakita pa rin nito na *naihahayag ang damdamin ukol sa tema ng binasa*.

**Talahanayan 14.**

***Antas ng Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa Ayon sa Pagpapahalaga sa Binasa***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naipakikilala ang positibong tugon sa nilalaman ng binasa.* | 4.82 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang mga pagpapahalagang Pilipino sa binasa.* | 4.73 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihahambing ang aral sa tema ng binasa.* | 4.82 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihahayag ang damdamin ukol sa tema ng binasa.* | 4.67 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napahahalagahan ang pagkakakilanlan ng binasa sa pamamagitan ng mga tauhan o pangyayari.* | 4.83 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.77 | | |
| *SD* | 0.48 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa ayon sa Pagpapahalaga sa binasa ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.77 at *standard deviation* na 0.48 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa antas ng pagpapahalaga sa binasa ay mataas at lubhang epektibo. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang pahalagahan ang pagkakakilanlan ng binasa, kabilang ang mga tauhan at pangyayari, at maipahayag ang kanilang damdamin at positibong tugon sa tema ng teksto. Ang mataas na weighted mean at mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang pagpapahalaga sa binasa ay lubhang mabisa sa paghubog ng mas malalim na pag-unawa at emosyonal na koneksyon ng mga mag-aaral sa binasang aralin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 15.**
***Antas ng Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa Ayon sa Kakayahang Mag-ambag ng Sariling Opinyon***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nailalahad ang sariling papanaw sa nilalaman ng akda.* | 4.85 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga opinyon gamit ang mga kaisipan mula sa paksa.* | 4.73 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng suhestiyon sa tema ng akda.* | 4.70 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipahahayag ang opinyon nang may paggalang sa ibang pananaw.* | 4.85 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng malikhaing tugon sa binasa.* | 4.80 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.79 | | |
| *SD* | 0.46 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 15 ay nagpapakita ng antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Nailalahad ang sariling papanaw sa nilalaman ng akda at naipahahayag ang opinyon nang may paggalang sa ibang pananaw* na may (*M* = 4.85) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa mga tuntunin ng Kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon at sinusuportahan ng (*SD* = 0.40). Gayundin, *nakabubuo ng malikhaing tugon sa binasa* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.70) na may (*SD* = 0.53), ipinapapakita pa rin nito na *nakapagbibigay ng suhestiyon sa tema ng akda***.**

Ang antas ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa ayon sa Kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.79 at *standard deviation* na 0.46 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa antas ng kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon ay mataas at lubhang epektibo. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang maipahayag ang kanilang pananaw at opinyon nang may paggalang sa ibang pananaw, at makabuo ng malikhaing tugon o suhestiyon ukol sa tema ng akda. Ang mataas na weighted mean at mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga tagatugon, na nagpapatunay na ang pag-ambag ng sariling opinyon ay lubhang mabisa sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip, malikhaing pagbuo, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa binasang aralin.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasulat na pagsusulit at Oral Pagsusulit.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang puntos, *frequency, percentage,* at paglalarawan mula sa marka ng mga tagatugon.

**Talahanayan 16.**
***Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pasulat na Pagsusulit***

| *Raw Score* | *Pasulat* | | *Interpretasyon* |
|---|---|---|---|
| | **F** | **%** | |
| 61-75 | 41 | 68.33 | Napakahusay |
| 46-60 | 16 | 26.67 | Lubhang Kasiya-siya |
| 31-45 | 3 | 5 | Kasiya-siya |
| 16 -30 | 0 | 0 | Katamtamang Kasiya-siya |
| 1-15 | 0 | 0 | Hindi Naabot ang Inaasahan |
| Total | 60 | *100* | |
| *Weighted Mean* | | *62.50* | |
| *SD* | | *7.24* | |
| *Berbal na Interpretasyon* | | Napakahusay | |

Talahanayan 16 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pasulat na pagsusulit. Sa kabuuang animnapung (60) tagatugon, apatnapu't isa (41) o 68.33% ng mga mag-aaral ang nakakuha ng marka sa saklaw na 61–75, na may berbal na interpretasyon na Napakahusay. Ipinapakita nito na ang malaking bahagdan ng mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kaalaman at kasanayan sa pagsulat batay sa pamantayang ginamit sa pagsusulit.

Samantala, labing-anim (16) o 26.67% ng mga tagatugon ang nakakuha ng marka sa saklaw na 46–60, na may interpretasyong Lubhang Kasiya-siya, habang tatlo (3) o 5.00% lamang ang kabilang sa saklaw na 31–45, na may interpretasyong Kasiya-siya. Wala namang mag-aaral ang nakakuha ng marka sa saklaw na 16–30 at 1–15, na nangangahulugang walang tagatugon ang nasa antas na Katamtamang Kasiya-siya at Hindi Naabot ang Inaasahan.

Sa kabuuan, ang pasulat na pagsusulit ay nakapagtamo ng Weighted Mean na 62.50 at Standard Deviation na 7.24, na may berbal na interpretasyong Napakahusay. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig ng mataas at relatibong konsistent na antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat, kung saan ang kaunting paglihis ng marka ay nagpapakita rin na ang karamihan sa mga tagatugon ay may magkakatulad na antas ng kasanayan.

Ipinahihiwatig ng mataas na antas ng pagganap sa pasulat na pagsusulit na ang mga mag-aaral ay may kakayahang

maipahayag nang malinaw ang kanilang ideya, makapagsuri ng binasang teksto, at makapaglapat ng natutuhan sa paraang lohikal at organisado. Sinusuportahan nito ang pananaw na ang wastong pagtataya sa pagsulat ay hindi lamang panukat ng natamong kaalaman kundi isang mahalagang kasangkapan sa pagpapalalim ng pagkatuto.

**Talahanayan 17.**
***Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Oral Pagsusulit***

| Raw Score | Oral Pagsusulit | | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| | F | % | |
| 21-25 | 32 | 68.33 | Napakahusay |
| 16-20 | 21 | 26.67 | Lubhang Kasiya-siya |
| 11-15 | 5 | 5 | Kasiya-siya |
| 6 -10 | 2 | 0 | Katamtamang Kasiya-siya |
| 1-5 | 0 | 0 | Hindi Naabot ang Inaasahan |
| Total | 60 | *100* | |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | | *20.55*<br>*4.35*<br>Napakahusay | |

Talahanayan 17 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa oral na pagsusulit. Sa kabuuang animnapung (60) tagatugon, tatlumpu't dalawa (32) o 68.33% ang nakakuha ng marka sa saklaw na 21–25, na may berbal na interpretasyon na Napakahusay. Ipinapakita nito na higit sa kalahati ng mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kahusayan sa pasalitang pagpapahayag, partikular sa malinaw na paghahatid ng ideya, pag-unawa sa binasang teksto, at lohikal na pagsagot sa mga tanong.

Dagdag pa rito, dalawampu't isa (21) o 26.67% ng mga mag-aaral ang kabilang sa saklaw na 16–20, na may interpretasyong Lubhang Kasiya-siya, habang lima (5) o 5.00% lamang ang nakakuha ng marka sa 11–15, na may interpretasyong Kasiya-siya. Samantala, dalawa (2) ang nakapaloob sa saklaw na 6–10, subalit wala ni isang mag-aaral ang nakabilang sa 1–5, na nangangahulugang walang tagatugon ang nagpakita ng pagganap na Hindi Naabot ang Inaasahan sa oral na pagsusulit.

Sa kabuuang pagsusuri, nakapagtala ang oral na pagsusulit ng Weighted Mean na 20.55 at Standard Deviation na 4.35, na may berbal na interpretasyong Napakahusay. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig ng mataas at medyo konsistent na antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pasalitang pagsusulit. Ang katamtamang antas ng standard deviation ay nagpapakita na bagama't may bahagyang pagkakaiba sa marka ng mga mag-aaral, nananatili ang pangkalahatang mataas na antas ng kanilang kasanayan sa oral na pagpapahayag.

Ipinahihiwatig ng mga datos na ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng ideya nang malinaw at may kumpiyansa, makaugnay ng sariling pananaw sa binasang teksto, at makilahok sa diskurso sa paraang makabuluhan. Sinusuportahan nito ang pananaw na ang oral na pagsusulit ay hindi lamang panukat ng kaalaman kundi mahalagang kasangkapan sa pagtataya ng komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral.

Para matukoy ang makabuluhang pagkakaiba pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pasulat na Pagsusulit at Oral na Pagsusulit, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *T-Test.*

**Talahanayan 18.**
***Resulta ng T-Test sa Paghahambing ng Pasulat na Pagsusulit at Oral na Pagsusulit sa Pagganap ng mga Mag-aaral***

| Pagganap | n | Mean | SD | t-cal | t-crit | df | p | Decision |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pasulat na Pagsusulit | 60 | 62.5 | 7.24 | 38.47 | 1.98 | 118 | .000 | Reject |
| Oral na Pagsusulit | 60 | 20.55 | 4.35 | | | | | |

Ipinakikita sa Talahanayan 18 ang resulta ng independent samples t-test na ginamit upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa pasulat na pagsusulit at oral na pagsusulit. Batay sa datos, ang pasulat na pagsusulit ay may mean na 62.50 at standard deviation na 7.24, samantalang ang oral na pagsusulit ay may mean na 20.55 at standard deviation na 4.35. Ang pagkakaibang ito sa mean score ay nagpapakita ng malinaw na disparidad sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa dalawang uri ng pagtataya.

Ang nabuong t-calculated value na 38.47 ay higit na mataas kaysa sa t-critical value na 1.98 sa 118 degrees of freedom, at may p-value na .000, na mas mababa sa itinakdang antas ng kabuluhan na $\alpha = 0.05$. Dahil dito, tinanggihan ang null hypothesis (Ho). Nangangahulugan ito na may estadistikal na makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagitan ng pasulat na pagsusulit at oral na pagsusulit.

Ipinahihiwatig ng resulta na mas mataas ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pasulat na pagsusulit kaysa sa oral na pagsusulit. Ang ganitong kinalabasan ay maaaring maiugnay sa mas mataas na antas ng pamilyaridad, kahandaan, at oras ng pagpoproseso na ibinibigay ng pasulat na pagtataya, kung ihahambing sa agarang kahingian ng pasalitang pagsagot na nangangailangan ng kumpiyansa, fluency, at real-time na organisasyon ng ideya. Gayunpaman, bagama't mas mababa ang mean score sa oral na pagsusulit, kapwa Napakahusay pa rin ang kabuuang berbal na interpretasyon ng dalawang uri ng pagtataya, na nagpapakita na parehong epektibo ang mga ito

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

bilang kasangkapan sa pagsukat ng pagkatuto, bagama't may likas na pagkakaiba sa antas at anyo ng kasanayang sinusukat.

Ang resulta ng pagsusuring ito ang nagsisilbing mahalagang batayan sa pag-unawa sa kalakasan at limitasyon ng bawat uri ng pagtataya, at nagbibigay-linaw kung paano maaaring balansehin ang pasulat at pasalitang gawain sa pagpapalawak ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, at pagpapahayag.

Dagdag pa rito, mahalagang bigyang-diin na bagama't may makabuluhang pagkakaiba sa mean scores ng pasulat at oral na pagsusulit, hindi nito ipinahihiwatig ang kahinaan ng alinman sa dalawang uri ng pagtataya. Sa halip, ipinapakita ng resulta na magkaiba ang uri ng kasanayang sinusukat ng pasulat at pasalitang pagsusulit.

Sa kontekstong ito, ang makabuluhang pagkakaibang natukoy sa pamamagitan ng independent samples t-test ay nagpapakita na may iba't ibang lakas at limitasyon ang bawat anyo ng pagtataya na ginagamit sa silid-aralan. Ipinahihiwatig nito na ang pagganap ng mga mag-aaral ay maaaring mag-iba depende sa uri ng pagsusulit na ibinibigay, kaya't hindi sapat na umasa lamang sa iisang anyo ng pagtataya.

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang-Lokal sa Paglinang ng Kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at Kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

**Talahanayan 19.**
***Makabuluhang Kaugnayan ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral***

| ***Sulat at Integrasyon ng Kulturang-Lokal*** | | **Pag-unawang literal** | **Pag-unawang inferensyal** | **Pag-unawang kritikal** | **Pagpapahalaga sa binasa** | **Kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Layunin | Pearson Correlation | .335 | .258** | .461* | .368** | .356** |
| | Sig. (2-tailed) | .092 | .012 | .048 | .028 | .016 |
| | N | 59 | 59 | 59 | 59 | 59 |
| Nilalaman | Pearson Correlation | .522** | .238** | .552** | .517** | .449** |
| | Sig. (2-tailed) | .001 | .000 | .000 | .000 | .000 |
| | N | 59 | 59 | 59 | 59 | 59 |
| Gabay na tanong | Pearson Correlation | .603* | .234** | .687** | .456** | .562** |
| | Sig. (2-tailed) | .030 | .009 | .009 | .014 | .004 |
| | N | 59 | 59 | 59 | 59 | 59 |
| Gawain | Pearson Correlation | .517 | .414** | .561* | .589** | .543** |
| | Sig. (2-tailed) | .063 | .005 | .034 | .010 | .006 |
| | N | 59 | 59 | 59 | 59 | 59 |
| Paglalapat | Pearson Correlation | .622 | .392** | .679* | .437* | .558** |
| | Sig. (2-tailed) | .082 | .017 | .039 | .044 | .017 |
| | N | 59 | 59 | 59 | 59 | 59 |
| Presentasyon ng aralin | Pearson Correlation | .501 | .337* | .427 | .524 | .541* |
| | Sig. (2-tailed) | .171 | .039 | .136 | .066 | .038 |
| | N | 59 | 59 | 59 | 59 | 59 |
| Kaangkupan ng mga aralin | Pearson Correlation | .450 | .445 | .435 | .424 | .592 |
| | Sig. (2-tailed) | .401 | .094 | .316 | .213 | .114 |
| | N | 59 | 59 | 59 | 59 | 59 |
| Disenyo | Pearson Correlation | .533 | .480* | .622 | .552* | .654** |
| | Sig. (2-tailed) | .175 | .015 | .094 | .048 | .013 |
| | N | 59 | 59 | 59 | 59 | 59 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kalinawan | Pearson Correlation | .321 | .357* | .437 | .500 | .392 |
| | Sig. (2-tailed) | .263 | .047 | .181 | .094 | .074 |
| | N | 59 | 59 | 59 | 59 | 59 |
| Teknikal na porma | Pearson Correlation | .557 | .568 | .625 | .582 | .762 |
| | Sig. (2-tailed) | .236 | .253 | .339 | .500 | .333 |
| | N | 59 | 59 | 59 | 59 | 59 |

Talahanayan 19 ay nagpapakita ng resulta ng pagsusuri gamit ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, partikular sa pag-unawang literal, inferensyal, at kritikal, pagpapahalaga sa binasa, at kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon.

Sa aspeto ng Layunin, natukoy na may makabuluhang ugnayan ito sa pag-unawang inferensyal (r = .258, p = .012), pag-unawang kritikal (r = .461, p = .048), pagpapahalaga sa binasa (r = .368, p = .028), at kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon (r = .356, p = .016). Gayunman, walang makabuluhang ugnayan ang Layunin sa pag-unawang literal (p = .092), na nagpapahiwatig na ang tuwirang pagkuha ng impormasyon mula sa teksto ay maaaring hindi gaanong umaasa sa layuning pampagtuturo kundi sa iba pang salik gaya ng dating kaalaman ng mag-aaral.

Sa Nilalaman, malinaw na nakita ang matibay at makabuluhang ugnayan nito sa lahat ng dimensyon ng kasanayan sa pagbasa, kabilang ang pag-unawang literal (r = .522, p = .001), inferensyal (p < .001), kritikal (r = .552, p < .001), pagpapahalaga sa binasa (r = .517, p < .001), at kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon (r = .449, p < .001). Ipinahihiwatig nito na ang makabuluhan, kontekstuwalisado, at kulturang-lokal na nilalaman ay may malaking ambag sa pagpapalalim ng iba't ibang antas ng pagbasa.

Katulad nito, ang Gabay na Tanong, Gawain, at Paglalapat ay nagpakita rin ng makabuluhang ugnayan sa halos lahat ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa—partikular sa pag-unawang inferensyal at kritikal, pagpapahalaga sa binasa, at kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon. Gayunpaman, kapansin-pansin na ang pag-unawang literal ay nanatiling di-makabuluhan sa ilang bahaging ito (hal. Gawain at Paglalapat), na nagpapakita na ang literal na pag-unawa ay isang batayang kasanayan na hindi laging direktang naaapektuhan ng mas kompleks na estratehiyang pampagtuturo.

Sa kabilang banda, ang mga katangian ng sulat at integrasyon—tulad ng Presentasyon ng Aralin, Kaangkupan ng mga Aralin, Kalinawan, at Teknikal na Porma—ay hindi nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa karamihan ng dimensyon ng kasanayan sa pagbasa (p > .05). Ipinahihiwatig nito na bagama't mahalaga ang mga katangiang ito sa kalidad ng materyal, hindi sila tuwirang nakapaghuhula ng antas ng kasanayan sa pagbasa sa kontekstong ito.

Isang pagbubukod ang Disenyo, na nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa pag-unawang inferensyal (r = .480, p = .015), pagpapahalaga sa binasa (r = .552, p = .048), at kakayahang mag-ambag ng sariling opinyon (r = .654, p = .013). Ipinapakita nito na ang maayos, kaakit-akit, at malinaw na disenyo ng materyal ay may mahalagang papel sa pagpapalalim ng interpretasyon at personal na pakikipag-ugnayan ng mag-aaral sa binasang teksto.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na hindi lahat ng salik ng sulat at integrasyon ng kulturang-lokal ay magkakapantay ang impluwensya sa lahat ng dimensyon ng kasanayan sa pagbasa. Ang mga bahaging pedagogical, lalo na ang nilalaman, gabay na tanong, gawain, at paglalapat, ay higit na may makabuluhang ugnayan sa mas mataas na antas ng pagbasa kumpara sa mga aspektong teknikal. Pinagtitibay nito ang pananaw na ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa ay higit na nakaugat sa kalidad ng interaksyon ng mag-aaral sa teksto kaysa sa anyong biswal at pormat ng materyal.

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang-Lokal sa Pagganap ng mga Mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Analysis of Variance*.

**Talahanayan 20.**
*Makabuluhang Epekto ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa Pagganap ng mga Mag-aaral*

| **Sulat at Integrasyon ng Kulturang-Lokal** | | **Pagganap ng mga Mag-aaral** | |
|---|---|---|---|
| | | **Pasulat na Pagsusulit** | **Oral na Pagsususlit** |
| Layunin | t-value | -1.009 | 0.076 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.317 | 0.940 |
| Nilalaman | t-value | 1.255 | 1.067 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.215 | 0.290 |
| Gabay na tanong | t-value | 0.024 | 1.909 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.981 | 0.061 |
| Gawain | t-value | 0.236 | 1.249 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.815 | 0.217 |
| Paglalapat | t-value | 0.785 | 2.248* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Sig. (2-tailed) | 0.436 | 0.028 |
| Presentasyon ng aralin | t-value | 0.806 | 0.311 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.424 | 0.757 |
| Kaangkupan ng mga aralin | t-value | 1.554 | 0.821 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.126 | 0.415 |
| Disenyo | t-value | 0.686 | 0.686 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.496 | 0.496 |
| Kalinawan | t-value | 0.529 | 0.823 |
| | Sig. (2-tailed) | 0.599 | 0.414 |
| Teknikal na porma | t-value | 0.371 | 2.355* |
| | Sig. (2-tailed) | 0.712 | 0.0232 |

Talahanayan 20 ay nagpapakita ng resulta ng pagsusuring estadistikal gamit ang independent samples t-test upang matukoy kung may makabuluhang epekto ang Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa pagganap ng mga mag-aaral, batay sa pasulat at oral na pagsusulit. Batay sa p-values na nakalap, malinaw na karamihan sa mga salik ng sulat at integrasyon ay walang makabuluhang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa parehong uri ng pagtataya ($p > .05$).

Gayunpaman, dalawang salik ang nagpakita ng estadistikal na makabuluhang epekto, at kapwa ito lumitaw lamang sa oral na pagsusulit. Una, ang Paglalapat ay nagpakita ng makabuluhang epekto sa oral na pagganap ng mga mag-aaral ($p = .028$). Ipinahihiwatig nito na kapag ang mga aralin ay malinaw na iniuugnay sa aktuwal na karanasan at konteksto ng mag-aaral, mas nahuhubog ang kanilang kakayahang magpahayag ng ideya, magpaliwanag, at makipag-ugnayan sa diskurso sa pasalitang paraan. Ikalawa, ang Teknikal na Porma ay nagpakita rin ng makabuluhang epekto sa oral na pagsusulit ($p = .023$), na nagpapahiwatig na ang maayos na estruktura, organisasyon, at pormat ng mga gawain ay maaaring makatulong sa mas malinaw at organisadong pasalitang pagpapahayag ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang kawalan ng makabuluhang epekto ng iba pang salik—gaya ng layunin, nilalaman, gabay na tanong, at gawain—ay nagpapakita na bagama't mataas ang antas ng kalidad ng mga ito, hindi awtomatikong nangangahulugan ang mataas na kalidad ng materyal ng direktang epekto sa marka ng pagganap, lalo na sa pasulat na pagsusulit. Ipinapahiwatig nito na ang pagganap ay maaaring higit na naiimpluwensiyahan ng iba pang salik tulad ng kasanayang dating taglay ng mag-aaral, estratehiya sa pagtataya, oras ng pagsagot, at indibidwal na pagkakaiba.

Ipinakikita ng mga resulta na limitado ngunit tiyak ang epekto ng Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang epekto nito ay mas nakikita sa pasalitang pagsasagawa ng gawain kaysa sa pasulat na pagtataya. Pinagtitibay nito ang pananaw na ang lokalisadong babasahin at aralin ay may mas malinaw na impluwensya sa komunikatibo at ekspresibong kasanayan, kaysa sa tradisyunal na papel-at-lapis na pagsusulit. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ang balanseng paggamit ng pasulat at oral na pagtataya upang higit na masukat ang kabuuang kakayahan ng mga mag-aaral.

**4. Konklusyon at Rekomendasyon**

Sa pagbibigay-linaw ng lagom ng mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo.

1. May makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagitan ng pasulat at oral na pagsusulit kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinanggap. Ito ay nangangahulugang mahalagang batayan sa pag-unawa sa kalakasan at limitasyon ng bawat uri ng pagtataya, at nagbibigay-linaw kung paano maaaring balansehin ang pasulat at pasalitang gawain sa pagpapalawak ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, at pagpapahayag.
2. Gayundin, may makabuluhang kaugnayan ang Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa paglinang ng kasanayan sa pagganap ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Ipinahihiwatig nito na ang integrasyon ng kulturang lokal ay may mahalagang papel sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa, bagama't hindi nito tinutukoy ang direktang sanhi-at-bunga dahil sa korelasyonal na disenyo ng pag-aaral.
3. Subalit hindi kinakitaan ng makabuluhang epekto ang Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa pagganap ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypoteses ay tinatanggap. Ipinapahiwatig nito na ang pagganap ay maaaring higit na naiimpluwensiyahan ng iba pang salik tulad ng kasanayang dating taglay ng mag-aaral, estratehiya sa pagtataya, oras ng pagsagot, at indibidwal na pagkakaiba. Ipinakikita na limitado ang Sulat at Integrasyon ng Kulturang Lokal sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang epekto nito ay mas nakikita sa pasalitang pagsasagawa ng gawain.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan at konklusyon na nabuo, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Iminumungkahi sa mga Mag-aaral ang aktibong pakikilahok sa mga gawain ng SIKAP, lalo na sa mga diskusyon, gawain sa paglalapat, at oral na presentasyon, upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa binasang teksto at kulturang lokal.
2. Iminumungkahi sa mga Guro ang pagpapatuloy at mas estratehikong paggamit ng SIKAP bilang pantulong sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa, partikular sa literal, inferensyal, at kritikal na pag-unawa, gayundin sa pagpapahalaga sa binasa at kakayahang magpahayag ng sariling opinyon.

3. Inirerekomenda sa Paaralan at Administrasyon ang pagbibigay ng suportang institusyonal sa implementasyon ng SIKAP sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop at lokal na babasahing materyales, pagsasagawa ng school-based training para sa mga guro ukol sa integrasyon ng kulturang lokal at disenyo ng mga gawaing pampagbasa, at paglalaan ng sapat na oras sa kurikulum para sa mga aktibidad na nakatuon sa pagbasa at oral na pagpapahayag, bilang tugon sa natukoy na pagkakaiba ng pasulat at oral na pagganap.
4. Inirerekomenda sa Komunidad ang aktibong pakikilahok sa pagpapaunlad ng kamalayan sa kulturang lokal sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga karanasan, salaysay, at tradisyong maaaring magsilbing batayang materyal sa pagkatuto ng mga mag-aaral, gayundin ang pagpapalakas ng ugnayan ng kultura at edukasyon.
5. Iminumungkahi sa mga Susunod na Mananaliksik ang pagsasagawa ng mas malalim at pangmatagalang pag-aaral upang masuri ang epekto ng integrasyon ng kulturang lokal sa kasanayan sa pagbasa at pagganap, tukuyin ang iba pang salik na maaaring makaapekto sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral, at higit pang pag-aralan ang papel ng paglalapat at teknikal na anyo sa pagpapahusay ng oral na kasanayan.

## SANGGUNIAN

*Afflerbach, P. (2018). Understanding and using reading assessment, K–12. International Reading Association. https://www.reading.org*

*Moran, P. R. (2018). Teaching culture: Perspectives in practice. Heinle Cengage Learning. https://www.cengage.com*